Chapter 4

# Panganganak at Pagpapalaki ng Anak



## 1 Pamamaraan Kapag Nabuntis

### 1-1 Pagrereport ng pagkabuntis at pag-iisyu ng Mother and Child Health Handbook (*kenko boshi techo*), at iba pa

- Magreport agad sa ward office o city hall ng lugar ninyo kapag nalaman ninyong buntis kayo.
- Ibibigay sa inyo ang mga sumusunod kapag nagreport kayo sa ward office o city hall.

i. Mother and Child Health Handbook (*kenko boshi techo*)
ii. Voucher para mabigyan kayo ng prenatal check-up na libre o binayaran ng gobyerno
iii. Konsultasyon sa mga nars at doktor
iv. Pagpapakilala sa mga klase para sa magulang (klase para sa tatay/klase para sa nanay

* Nakasulat sa Mother and Child Health Handbook ang kalagayan ng nanay, mula sa pagbubuntis niya hanggang sa panganganak; at ng kalagayan ng bata, mula sa pagkapanganak sa kanya hanggang sa maging musmos siya, habang binibigyan ng patnubay ang mga magulang sa pag-aalaga ng bata. Ito ay para magkaroon ng rekord ang mga magulang tungkol sa mga impormasyong galing sa nars o doktor, at para din makita ng mga nars o doktor ang impormasyon, at makapagsulat ng impormasyon dito.


* Noong Enero 2023, inilunsad namin ang aming "Maternal and Child Health Handbook Information and Support Site" na may impormasyon tungkol sa pangangalaga sa bata at mga nauugnay na paksa.

(Maternal and Child Health Handbook Information and Support Site)
https://mchbook.cfa.go.jp

### 1-2 Prenatal health check-up

- Kapag buntis kayo, kailangan ninyong alagaan ang sarili ninyo nang higit kaysa sa karaniwan.
  Magpa-check-up kayo nang regular at ingatan ninyo ang kalusugan ninyo, ayon sa payo ng mga nars o doktor.
- Mabuting magpa-check up kayo nang ganito kadalas:

i. 1 beses sa 4 na linggo, hanggang sa ika-23 na linggo ng pagbubuntis
ii. 1 beses sa 2 linggo, mula sa ika-24 hanggang ika-35 na linggo
iii. 1 beses sa 1 linggo mula sa ika-36 na linggo hanggang sa manganak kayo




## 1-3 Patnubay at pagbisita sa bahay ng nars o midwife

Bibisita sa bahay ninyo ang nars o midwife para magbigay sa inyo ng tulong sa mga sumusunod na bagay:

i. Konsultasyon at patnubay tungkol sa buhay at pagkain
ii. Konsultasyon tungkol sa mga inaalala ninyo at pag-aalinlangan tungkol sa pagbubuntis at panganak
iii. Konsultasyon tungkol sa pangangalaga ng bata para sa mga bagong silang at mga sanggol

* Walang bayad ang pagbisitang ito. Para sa detalye, magtanong kayo sa inyong ward office o city hall.



## 1-4 Mga klase para sa magulang (klase para sa tatay/klase para sa nanay)

May mga klase tungkol sa pagbubuntis, panganganak, pag-aalaga ng bata at nutrition sa ward office o city hall ninyo. Ito rin ang lugar kung saan ninyo puwedeng makilala at makausap ang ibang magiging magulang na katulad ninyo.



# 2 Pamamaraan Pagkatapos ng Panganganak

## 2-1 Pagrereport ng panganganak



**Kapag nanganak kayo sa Japan**

- Kailangang magreport ang nanay o tatay tungkol sa panganganak.
- Kailangang magreport sa loob ng 14 na araw pagkapanganak ng bata.
- Magsabmit kayo ng report sa ward office o city hall kung saan ipinanganak ang bata, o sa ward office o city hall na tinitirhan ng nagsasabmit ng report.

### (1) Mga kailangan sa pagrereport ng panganganak

- Birth certificate
- Para sa iba pang kailangang dokumento, magtanong kayo sa ward office o city hall kung saan ipinanganak ang bata o sa ward office o city hall na tinitirhan ng nagsasabmit ng report.

### (2) Iba pang kailangang pamamaraan

Kapag hindi nakakuha ang bata ng visa sa loob ng 60 na araw pagkapanganak sa kanya, mawawalan siya ng Certificate of Residence, at hindi siya makakakuha ng mga serbisyo galing sa gobyerno tulad ng national health insurance at child care allowance. Para sa detalye, pakitsek ang Chapter 1, 2-4, tungkol sa pagkuha ng visa.

## 2-2 Pagrereport sa bansa ng batang ipinanganak



Kung hindi Hapon ang nasyonalidad ng tatay o nanay ng bata, hindi siya puwedeng makakuha ng Japanese nationality, kahit sa Japan siya ipinanganak. Kailangang ireport ang pagkakapanganak ng bata sa bansa ng tatay o nanay niya. Para sa detalye, pakikontak ang embassy o consulate na nasa Japan, ng bansa ng tatay o nanay.

Kumuha rin kayo ng passport para sa bata.

# 3 Gastos sa Panganganak at Iba Pang Allowance

Dahil hindi sakit ang pagbubuntis at panganganak, hindi ito sakop ng health insurance.

Bilang eksepsiyon, sakop ng health insurance ang caesarian na panganganak at iba pang operasyon.

## 3-1 Lump sum na allowance para sa panganganak

Sistema ito ng pagbibigay ng 500,000 yen para sa panganganak, kapag may health insurance o national health insurance ang nanay na nanganak. Pero kapag hindi sakop ng Obstetric Care Compensation System ang pangananak, tulad ng kung hindi umabot sa 22 na linggo ang pagbubuntis, 488,000 yen ang halagang babayaran.

May dalawang sistema ng pagbabayad.

**(1) Direktang pagbabayad**

Sa sistemang ito, hihiling ang ospital o medical institution na tumanggap ng lump sum na bayad para sa nanay na nanganak. Dahil babayaran direkta ang ospital, hindi kailangang bayaran ng nanay ang halaga ng panganganak sa counter, kapag aalis na siya ng ospital.

**(2) Pagtanggap ng proxy**

Sa sistemang ito, hihiling ang nanay ng lump-sum allowance para sa panganganak mula sa health insurance association o iba pang association kung saan siya kasali. At hihilingin ng nanay sa ospital na sila ang tumanggap ng allowance na ito, para mabayaran sila nang direkta.

## 3-2 Allowance sa panganganak

Kapag kasali ang nanay sa health insurance at kailangang mag-leave mula sa trabaho nang walang suweldo, makakatanggap siya ng allowance sa panganganak kapag hindi siya pumasok sa panahong nagsisimula 42 na araw bago manganak (ang due date) (98 na araw kung kambal o triplet) at natatapos ng 56 na araw pagkapanganak. Bilang patakaran, ang halagang katumbas ng 2/3 ng suweldo niya ang maaaring matanggap niya mula sa health insurance bawat araw, sa panahon ng kanyang maternity leave. Pero kapag tumanggap siya ng suweldo mula sa kompanya sa panahong naka-leave siya, at kung mas malaki kaysa sa allowance sa panganganak ang natanggap niyang halaga, hindi siya makakatanggap ng allowance sa panganganak.

Kapag lampas sa due date ang araw ng kapanganakan ng bata, makakatanggap din ang nanay ng allowance sa panahong lumampas.

# 3-3 Bayad para sa maternity leave (Mga benepisyo sa childcare leave)

## (1) Bayad maternity leave

Kapag kasali kayo sa unemployment insurance at kapag nag-leave kayo para mag-alaga ng batang wala pang 1 taong gulang (1 taon at 2 buwan, depende kung tumugon ito sa ilang kondisyon, o 1 taon 6 buwan o 2 taon kung tumugon ito sa ilang kondisyon) at tumugon sa mga sumusunod na kondisyon, puwede kayong mag-apply sa Hello Work para tumanggap ng mga benefit. (Para sa unang 6 buwan, makakatanggap kayo ng halagang katumbas sa 67% ng suweldo ninyo bago kayo mag-leave. Pagkatapos nito, makakatanggap kayo ng 50% ng suweldo ninyo bago kayo nag-leave.)

• Mga kinakailangan para makatanggap ng mga benepisyo

i. Nagtrabaho kayo ng mahigit na 11 araw o ng 80 oras na nagiging batayan ng pagbabayad ng suweldo bawat buwan sa loob ng 12 buwan o mahigit pa, sa loob ng 2 taon bago kayo mag-leave.

ii. Kailangan na bumaba ang suweldo ninyo nang mababa pa sa 80% ng suweldo ninyo bago kayo mag-leave.

iii. Dapat may 10 o mas kaunting araw ng trabaho kada buwan sa panahon ng leave (o kung higit sa 10 araw ng trabaho, ang bilang ng mga oras ng trabaho ay dapat 80 oras o mas kaunti)

Ang mga benepisyo sa leave sa pag-aalaga ng bata ay karaniwang nalalapat kahit na hatiin sa dalawang panahon ang bakasyon.

* Sa kaso ng temporary employee (empleyadong may fixed-term contract)

Kailangang tumugon sa mga sumusunod na kondisyon ang temporary employee (empleyadong may fixed-term contract), maliban sa mga nakasulat sa itaas, ang kontrata sa pagtatrabaho ay maaaring mapawalang-bisa bago ang bata ay maging 1 taon at 6 na buwang gulang (hanggang ang bata ay maging 2 taong gulang sa simula ng bakasyon pagkatapos ng 1 taon at 6 na buwang gulang dahil sa mga kadahilanan tulad ng hindi makapasok sa isang nursery school).



## (2) Mga benepisyo sa leave sa pangangalaga ng bata sa kapanganakan

Ang mga subscriber ng seguro sa trabaho ay maaaring tumagal ng hanggang 4 na linggo ng bakasyon upang mapangalagaan ang kanilang anak (postpartum papa childcare leave) sa loob ng 8 linggo pagkatapos ipanganak ang bata, at matugunan ang mga sumusunod na kinakailangan: Ang isang tao ay maaaring makatanggap ng mga benepisyo ng childcare leave sa kapanganakan sa pamamagitan ng pag-apply para sa pagbabayad sa Hello Work. (Halagang katumbas ng 67% ng sahod bago magsimula ang bakasyon. Ang bilang ng mga araw kung saan binabayaran ang mga benepisyo sa leave sa pag-aalaga ng bata sa oras ng kapanganakan ay kabuuang 180 araw, na ang bilang ng mga araw kung kailan ang rate ng benepisyo ay 3 - 3 (1) Ang Mga Benepisyo sa Pag-iwan sa Pag-aalaga ng Bata ay 67%)

- Mga kinakailangan para sa pagtanggap ng mga benepisyo

i. Sa dalawang taon bago ang petsa ng pagsisimula ng bakasyon, mayroong hindi bababa sa 12 buwan kung saan ang empleyado ay nagtrabaho ng 11 araw o higit pa o nagtrabaho ng 80 oras o higit pa kung saan binayaran ang sahod.

ii. Matugunan ang ilang mga kinakailangan, tulad ng sahod sa panahon ng bakasyon na binabawasan sa mas mababa sa 80% kumpara sa sahod sa simula ng bakasyon

iii. Ang maximum na bilang ng mga araw ng trabaho sa panahon ng bakasyon ay 10 araw (kung ang panahon ng bakasyon ay lumampas sa 10 araw, ang bilang ng mga oras ng pagtatrabaho ay 80 oras) o mas kaunti (gayunpaman, kung ang panahon ng bakasyon ay mas maikli sa 28 araw, ang trabaho ay magiging ginawa ayon sa bilang ng mga araw Ang bilang ng mga araw at oras na magagamit ay paiikliin din.)

Kahit na ang postpartum papa childcare leave ay kunin nang installment, ang childcare leave benefits sa kapanganakan ay magagamit hanggang sa pangalawang pagkakataon.

Ang mga benepisyo ay hindi babayaran para sa mga pagliban na nasa ilalim ng alinman sa mga sumusunod i. ii.

i. Birth childcare leave na kinuha para sa parehong bata pagkatapos ng ikatlong pagkakataon.

ii. Ang kabuuang bilang ng mga araw ng childcare leave sa kapanganakan para sa parehong bata ay lumampas sa 28 araw.

* Sa kaso ng isang fixed-term na empleyado (fixed-term contract worker)

Para sa mga fixed-term na empleyado (mga taong nagtatrabaho para sa isang nakapirming panahon), kinakailangan na hindi malinaw na ang kontrata sa pagtatrabaho ay mawawalan ng bisa sa loob ng anim na buwan

## 3-4 Allowance ng bata

Ibinibigay ang allowance ng bata para matiyak ang matatag na kondisyon sa bahay at ang mabuting paglaki ng bata.

Ibinibigay ang allowance na ito kapag nakatira sa Japan ang bata at ang nag-aalaga sa bata.

### (1) Mga puwedeng tumanggap

Mga taong nagpapalaki ng bata hanggang sa unang Marso 31, pagkatapos maging 15 taong gulang ang bata.

### (2) Paraan ng pagtanggap

- Mag-apply kayo sa ward office o city hall ninyo.
- Bilang patakaran, ibinibigay ang allowance sa buwang susunod, pagkatapos ninyong mag-apply.
- Kailangan ninyong mag-apply uli sa ward office o city hall, kapag may bagong ipinanganak na bata o kapag lumipat kayo ng tirahan.

### (3) Halagang tatanggapin

| Edad ng bata | Halaga ng allowance ng bata (buwanang halaga para sa isang bata) |
|---|---|
| Wala pang 3 taon | 15,000 yen para sa lahat |
| Mula 3 taon hanggang sa unang Marso 31 pagkatapos nilang maging 12 taon | 10,000 yen<br>(15,000 yen para sa pangatlong anak at mga susunod pa) |
| Mula sa unang Marso 31 pagkatapos nilang maging 12 taon hanggang sa unang Marso 31 pagkatapos nilang maging 15 taon | 10,000 yen para sa lahat |

* Kapag mahigit sa takdang halaga ang suweldo ng nag-aalaga sa bata, 5,000 yen (5,000 yen o 0 yen bawat buwan mula sa Hunyo 2022) ang ibinibigay para sa lahat.
* Ang "pangatlong anak at mga susunod pang anak" ang mga anak na sinusuportahan pa at hindi pa umaabot sa unang Marso 31 pagkatapos nilang maging 18 taon.

### (4) Panahon kung kailan tatanggapin

Bilang patakaran, binabayaran ang child allowance ng halagang katumbas sa apat na buwan, at ibinibigay ito tuwing Hunyo, Oktubre at Pebrero, hanggang sa katapusan ng naunang buwan.

# 4 Pag-aalaga ng Bata

## 4-1 Health check-up ng bagong panganak na bata

Nagbibigay ng libreng health check-up ang mga ward office o city hall para sa mga sumusunod:

- Check-up para sa sanggol na 18 buwan
- Check-up para sa 3 taong bata
- Depende sa ward office o city hallo, may mga check-up din para sa mga sanggol na may ibang edad.


* Kasama sa check-up ang test para sa development ng bata, tangkad, timbang at mga gustong ikonsulta ng mga magulang. Para sa detalye, magtanong kayo sa ward office o city hall ninyo.

## 4-2 Mga bakuna

Puwedeng iwasan ang mga sakit sa pamamagitan ng pagpapabakuna. May dalawang klase ng pagpapabakuna.

① **Pagpapabakunang inirekomenda ng ward office o city hall**
May mga klase ng bakunang ibinibigay nang libre. Para sa detalye, magtanong kayo sa ward office o city hall ninyo.

② **Pagbabakunang ginagawa kapag hiniling ninyo**
Para sa bakunang ito, kailangan kayong magbayad.
Konsultahin ninyo ang doktor kapag pababakunahan ninyo ang anak ninyo.



## 4-3 Halaga ng pagpapagamot ng bata

Kapag may health insurance kayo, magbabayad kayo ng 20% ng halaga ng pagpapagamot ng bata hanggang sa edad na 6 taon, bago siya pumasok sa elementary school.

Depende sa ward office o city hall ninyo, puwedeng libre ang pagpapagamot hanggang sa matapos ng high school ang anak ninyo o puwede kayong mabigyan ng karagdagang tulong.

## 4-4 Mga pasilidad para sa mga batang hindi pa pumapasok sa elementary school (preschool)

- May mga pasilidad para sa mga batang hindi pa pumapasok sa elementary school, tulad ng daycare, kindergarten at mga sertipikadong lugar para sa mga bata.
- Walang bayad ang mga daycare, kindergarten at mga sertipikadong lugar para sa mga bata, para sa mga batang 3 - 5 taong gulang.

## (1) Daycare center (*hoikujo*)


- Pasilidad ito para sa mga batang hindi puwedeng alagaan sa bahay ng magulang, dahil nagtatrabaho sila o may iba pang dahilan.
- 8 oras sa isang araw ang regular na oras sa mga daycare. May mga daycare din na bukas sa gabi at sa araw ng bakasyon.
- May mga daycare din na nagbibigay ng serbisyo por ora, na puwedeng iwanan ang bata nang ilang oras lang, kapag may biglaang business ang magulang o maikling oras lang ang part-time na trabaho.

Karagdagang Impormasyon:

### Mga hindi sertipikadong daycare

Ito ang tawag sa mga pasilidad na nag-aalaga sa mga sanggol at mga bata, na hindi sertipikado, ayon sa Child Welfare Law.

- Mga hindi sertipikadong daycare (*muninka hoikujo*)
- Daycare para sa mga kustomer ng department store
- Day nursery (*takujisho*)
- Baby hotel
- Babysitters, atbp.



## (2) Kindergarten (*yochien*)

- Pasilidad na pang-edukasyon ito para sa mga bata mula 3 taon hanggang sa magsimula sila ng elementary school.
- Apat na oras ang standard na oras para sa edukasyon ng bata, pero may mga kindergarten na tumatanggap sa mga bata mula sa umaga hanggang sa gabi o mula sa madaling araw ayon sa kalagayan ng mga magulang tulad na nagtatrabaho at iba pa.
- Hindi katulad ng edukasyon sa elementary school at haiskul, mahalaga rito ang sariling paglalaro ng bata.
- May mga kindergarten din na nagbibigay ng konsultasyon para sa mga magulang at nagbubukas ng kanilang school ground para sa mga tao.

## (3) Certified center for early childhood education (*nintei kodomoen*)

- Pinagsamang gawain ng kindergarten at daycare ang certified center for early childhood education.
- Puwedeng gamitin ang certified center for early childhood education nang hindi isinaalang-alang kung nagtatrabaho o hindi ang magulang ng bata.
- Nagbibigay din ng consultation activity dito para sa magulang, at nagbibigay ng lugar kung saan puwedeng magtipon ang mga magulang at mga bata.

## 4-5 After school children’s club (*gakudo hoiku*)

- Puwedeng gamitin ang after school children’s club ng mga batang may mga magulang na wala sa bahay sa araw, dahil sa trabaho o iba pang dahilan.
- May mga staff sa mga after school children's club atbp. na nagbibigay ng
- maayos na lugar sa mga bata para maglaro at gumamit ng oras nila,pagkatapos ng klase.
- Para sa ng batang nag-aaral sa elementary school, may mga ward office o city hall na nagbibigay ng after school children’s classes, kasama na rito ang mga iba’t ibang uri ng pag-aaral at interactive na aktibidad.

## 4-6 Family Support Center

- Isang organisasyon ang Family Support Center na tumutulong sa mga magulang, tulad ng mga sumusunod. Dito, nagsusuporta ang mga miembro sa bawat isa.

i. Mga magulang na nangangailangan ng tulong sa pagbabantay ng mga sanggol o mga estudyante ng elementary school.
ii. Mga taong gustong magbigay ng tulong

- Halimbawa ng mga suportang ibinibigay:

i. Paghahatid sa at pagsusundo mula sa daycare facility atbp.
ii. Pagbabantay sa mga bata pagkatapos ng oras sa daycare o pagkatapos ng klase sa eskuwelahan
iii. Pagbabantay ng mga bata habang namimili ang magulang o may iba pang kailangang gawin

- Ito ang pamamaraan sa paggamit ng suportang ito.

i. Kontakin ninyo ang pinakamalapit na Family Support Center at mag-register kayo para maging miembro.
ii. Mag-apply kayo para sa suportang ito.
iii. Ipapakilala kayo ng adviser ng Family Support Center sa isang miembro na tutulong sa inyo at magiging tagapamagitan ninyo sa ibang tao.
iv. Magbayad kayo sa taong tumulong sa inyo.